Palabas na **balita**

# Parating na ang bagong panggamot sa COVID-19 sa bahay sa Alberta

Enero 25, 2022

## Ang mga Albertan na may banayad hanggang katamtamang mga sintomas ng COVID-19 na nasa mataas na panganib na magkaroon ng malubhang sakit ay malapit nang magkaroon ng pangalawang opsyon para sa maagang paggamot.

Ang mga unang padala ng Paxlovid ay makukuha ng mga Albertan simula sa Enero 31. Ang paunang panustos ay magiging limitado, kaya ang pagiging karapat-dapat ay magiging limitado sa mga taong higit na makikinabang. Ang gamot na ito ay maaaring magdulot ng mga hindi kanais-nais na epekto, kaya ito ay makukuha lamang sa pamamagitan ng reseta pagkatapos ng pagtatasa ng isang clinician.

Ang Paxlovid ay ang unang panggamot sa COVID-19 na inaprubahan ng Health Canada na maaaring inumin sa bahay at ang pangalawang opsyon sa maagang paggamot para sa COVID-19 na makukuha sa Alberta pagkatapos na magkaroon ng Sotrovimab noong nakaraang taon.

Ang paggamot sa pamamagitan ng gamot ay dapat magsimula sa loob ng limang araw mula sa pagsisimula ng mga sintomas at inilaan para sa paggamit ng mga indibidwal na may mga immunosuppressive na kondisyon (pagkabawas ng panlaban sa sakit), hindi nabakunahan at mahigit sa edad na 65 taong gulang, o hindi nabakunahan at higit sa 18 taong gulang na may mga umiiral nang kondisyong medikal na naglalagay sa mga ito sa mas mataas na panganib ng malubhang sakit o kamatayan.

## Pagiging karapat-dapat para sa Paxlovid

Ang Paxlovid ay para sa paggamit sa mga pasyenteng may kumpirmadong impeksyon sa COVID-19, na nasa loob ng limang araw pagkatapos maranasan ang kanilang mga unang sintomas at matugunan ang ilang partikular na pamantayang medikal.

Kabilang sa mga karapat-dapat na kondisyon ang:

Mga indibidwal na walang mga kontraindikasyon at isa sa mga sumusunod na kondisyong nakakapagpahina sa panlaban sa sakit, anuman ang kalagayan ng pagbabakuna:

- mga tatanggap ng transplant
- mga pasyente ng oncology na nakatanggap ng chemotherapy o iba pang immunosuppressive na paggamot mula noong Disyembre 2020
- mga nagpapamagang kondisyon, tulad ng:
  - rheumatoid arthritis;
  - lupus;
  - inflammatory bowel disease;

Mga indibidwal na walang kontraindikasyon, ay hindi nabakunahan at:

- edad na 65 taong gulang at mas matanda
- edad na 18 taong gulang at mas matanda na may dati nang kondisyong pangkalusugan, kabilang ang:
  - diyabetes (umiinom ng gamot para sa paggamot)
  - labis na katabaan (BMI >30)
  - pagpalya ng puso [congestive heart failure]
  - talamak na sakit na nakakahadlang sa baga [obstructive pulmonary disease] at katamtaman hanggang matinding hika

## Pagkuha ng Paxlovid

Ang mga Albertan na nakakatugon sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado ay maaaring tumawag sa Health Link sa 1-844-343-0971.

Ang mga kawani ng HealthLink ay magtatanong ng mga katanungan sa pagsusuri at isasangguni ang mga Albertan sa isang propesyonal ng kalusugan upang kumpirmahin ang pagiging karapat-dapat at ayusin ang paggamot, kung naaangkop.

Hinihiling sa mga Albertan na huwag direktang tumawag sa mga parmasya o opisina ng doktor.

## Paggawa ng mga tipanan sa pagbabakuna

Hinihikayat ang mga Albertan na gawin ang kanilang bahagi upang protektahan ang kanilang sarili at ang iba mula sa malalang mga kinalalabasan sa pamamagitan ng pagkuha ng bawat dosis ng bakuna na karapat-dapat sila. Maaaring gumawa ng mga tipanan sa online sa mga kalahok na parmasya o AHS sa pamamagitan ng paggamit ng Alberta vaccine na sistema sa paggawa ng tipanan [booking system]. Ang mga taga-Alberta ay maaari ding tumawag sa 811, sa mga kalahok na parmasya o mga kalahok na mga opisina ng mga manggagamot.

## Kaugnay na impormasyon

- Gumawa ng iyong tipanan para sa bakuna sa COVID-19

## Multimedia

- Panoorin ang kumperensya ng balita
- Makinig sa kumperensya ng balita

## Mga katanungan sa media

Steve Buick

780-288-1735
Nakatataas na Kalihim ng Press, Kalusugan